



Ang pulbos na pormula ng sanggol ay hindi ligtas sa mikrobyo. May mas mataas na panganib ng pagtubo ng bakterya kapag hindi inihanda nang ligtas. Para sa impormasyon sa paggawa ng isang may kaalamang desisyon tungkol sa kung paano pakakainin ang iyong sanggol makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o pampublikong nars ng kalusugan. Tingnan ang Pilyego ng Tip #1 para sa mahahalagang katotohanan.



Hugasan ang mga kamay at kawnter gamit ang sabon at tubig.

Ihanda ang lahat ng iyong na-disimpektang kagamitan ng pagpapakain (Tingnan ang Pilyego ng Tip #2).



Pag-iisterilisa ng Tubig

Pakuluin ang tubig ng 2 minuto. Tingnan ang Pilyego ng Tip #2 para sa kung anong mga tubig ang ligtas na gamitin.

Gumawa ng pormula na may tubig na 70C o higit (1 litro ng pinakuluang tubig ay lumalamig sa halos 70C pagkatapos ng 30 minuto).

Para sa mga malusog na sanggol, ang isterilisadong tubig na pinalamig sa temperatura ng silid ay maaaring gamitin basta't ang pormula ay ipapakain kaagad.



Tingnan ang petsa ng paglipas sa lata.

Ibuhos ang kailangang dami ng isterilisadong tubig sa isang isterilisadong bote.



Gamitin ang nararapat na bilang ng mga scoop ayon sa mga tagubilin sa lata.

Punuin ang scoop sa loob ng lata ng pulbos na pormula. Huwag siksikin ng pababa ang pulbos. Patagin ang scoop gamit ang isang isterilisadong kutsilyo.


Idagdag ang pulbos sa isterilisadong mainit na tubig.




Damutin ang utong, takip, at singsing gamit ang isterilisadong mga pangsipit at ilagay sa bote.



Higpitan ang singsing gamit ang iyong mga kamay.



Kalugin ang bote hanggang mawala ang mga buo-buong pulbos na naiwan.




Palamigin nang mabilis ang bote ng pormula sa ilalim ng malamig, dumadaloy na tubig o sa isang lalagyan ng malamig na tubig. Kapag ito ay nasa temperatura na ng katawan o silid, pakainin ang iyong sanggol.



Pakainin ang iyong sanggol bilang tugon sa mga pahiwatig sa pagpapakain ng sanggol (tingnan ang Pilyego ng Tip #6).

Itapon ang pormula na hindi iniinom ng iyong sanggol pagkatapos ng 2 oras.



Pinakaligtas na gamitin ang isang sariwang inihandang bote sa tuwing pakakainin ang iyong sanggol. Kung inihanda mo ang mga bote na may maligamgam/mainit na tubig, palamigin ang mga bote nang mabilis sa ilalim ng dumadaloy na tubig o sa isang lalagyan ng malamig na tubig. Sa oras na lumamig, ilagay sila sa isang reprimerytor at gamitin sa loob ng 24 oras.

Para sa impormasyon tungkol sa kung paano at kailan pakakainin ang iyong sanggol tingnan ang:

- Mga pahina 16-20 sa libritong **Pormula ng Sanggol: Anong Kailangan Mong Malaman.**
- Mga Pilyego ng Tip #6.

Ang pormula ng sanggol ay maaaring ipabalik. Ang impormasyon para sa pagpapabalik ay matatagpuan sa website ng Health Canada sa www.healthycanadians.gc.ca/recall-alert-rappel-avis/index-eng.php

